# ANG KUWENTO

**AKTO I**

### Sa isang madilim at malayong kagubatan...

Sa isang misteryosong gubat, tumatakas si Prinsipe Tamino mula sa isang dambuhalang ahas. Subalit, nang siya'y manghina at hinimatay, dumating ang tatlong dalaga na naglilingkod sa Reyna ng Gabi,
at tinalo ang ahas. Naakit ang mga dalaga sa Prinsipe at umalis para ipaalam sa Reyna ang kanilang ginawa. Nagkamalay si Tamino at nakita niya ang manghuhuli ng ibon na si Papageno, na inakala niyang nagligtas sa kaniya. Nagkunwari si Papageno na siya nga ang pumatay sa ahas, pero bumalik ang tatlong dalaga at pinarusahan si Papageno dahil sa kasinungalingang ito sa pamamagitan ng pagpapatahimik sa kaniya. Pagkatapos, ipinakita nila kay Tamino ang isang larawan ni Pamina, ang anak ng Reyna. Agad na nahulog ang loob ni Tamino sa larawan ni Pamina. Pagkatapos, dumating ang Reyna ng Gabi at sinabi kay Tamino na kinidnap ang kaniyang anak
ng masamang si Sarastro. Inutusan siya ng Reyna na iligtas si Pamina, at nakiusap si Tamino sa mga diyos na tulungan siyang mahanap ito. Bumalik ang tatlong dalaga at ibinalik and boses ni Papageno; pagkatapos, binigyan nila si Tamino ng isang mahiwagang plawta at si Papageno ng mahiwagang kampana para tiyakin ang kanilang kaligtasan habang sinusubukan nilang iligtas si Pamina. Ipinakita rin nila ang tatlong genie na gagabay sa kanila sa paglalakbay.

Malapit sa templo ni Sarastro, hinahabol ng kaniyang alipin na si Monostatos si Pamina, pero natakot siya at tumakas nang makita si Papageno. Sinabi ni Papageno kay Pamina na mahal siya ni Tamino at papunta na siya
para iligtas siya. Inamin din ni Papageno na hindi pa niya natatagpuan ang kaniyang pag-ibig, kaya inaliw siya ni Pamina. Inakay ng tatlong genie si Tamino papunta sa templo ni Sarastro, kung saan isang mataas na pari ang nagsabi kay Tamino na ang Reyna, hindi si Sarastro, ang tunay na
kalaban. Sa sobrang saya na si Pamina ay buhay pa, tinugtog ni Tamino ang kaniyang plawta, na bumighani sa kalikasan gamit ang kaniyang musika. Narinig niya ang pipa ni Papageno mula sa malayo at nagmadaling sundan ito. Samantala, sinusubukan nina Papageno at Pamina na tumakas mula sa templo, pero nahuli sila ni Monostatos at ng kaniyang mga kasamahan. Pinatunog ni Papageno ang kaniyang mahiwagang kampana, na nagpatigil sa mga humahabol sa kanila. Pumasok si Sarastro nang may magarbong seremonya. Pinarusahan niya si Monostatos at sinabi kay Pamina na palalayain din siya balang araw. Nagkita nang sandali sina Pamina at Tamino, pero pinanatili silang magkalayo ni Sarastro. Inutusan niya silang harapin ang isang serye ng mga pagsubok.

**INTERMISYON**

**AKTO II**

### Ang Pagsubok ng Katahimikan

Sinimulan ni Sarastro ang ritwal ng inisasyon kina Tamino at Pamina, pero hindi natapos ni Papageno ang mga ito. Sinabi ng mga pari ni Sarastro kay Tamino at Papageno na magsisimula na ang kanilang unang pagsubok: kailangan nilang manatiling tahimik. Nagpakita ang tatlong dalaga at sinubukang kumbinsihin silang talikuran ang kanilang misyon, na hinahamon ang kanilang determinasyon. Nanatiling tahimik at matatag si Tamino, pero ang nababagabag na si Papageno ay agad na nagsimulang magsalita. Samantala, muli na namang sinubukan ni Monostatos na lapitan si Pamina na natutulog. Nagpakita ang Reyna ng Gabi kay Pamina nang magising ito at inutusan siyang patayin si Sarastro. Nalungkot si Pamina sa kaisipang iyon, at inawit ni Sarastro kay Pamina na sa templo niya, tinatanggihan ang paghihiganti.

### Ang Pagsubok ng Tukso

Kailangan nina Tamino at Papageno na labanan ang anumang tukso: walang pag-uusap, walang babae, at walang pagkain! Dumating ang tatlong genie para magdala ng pagkain kina Tamino at Papageno, na matigas na tinanggihan ni Tamino habang si Papageno naman ay hindi nagtagumpay sa pagtatangkang kunin ito. Nang dumating si Pamina at hiniling kay Tamino na makipag-usap sa kaniya, nanatili itong tahimik, kaya inisip na Pamina na tinanggihan siya nito. Nasaktan siya dahil sa akalang hindi siya mahal ni Tamino. Pinagtagpo ni Sarastro sina Pamina at Tamino para magpaalam bago ang huling pagsubok. Ayaw nang sumali ni Papageno sa iba pang pagsubok; ang gusto na lang niya ay alak at nangangarap siyang balang araw ay matatagpuan niya ang kaniyang tunay na pag-ibig. Inakala ni Pamina na nawala na si Tamino magpakailanman; sa kalungkutan, naisip niyang tapusin ang kaniyang buhay, pero pinigilan siya ng tatlong genie.
Tiniyak nila kay Pamina na mahal pa rin siya ni Tamino at ginabayan siya para makitang muli si Tamino. Habang sinasamahan ng mga pari ni Sarastro si Tamino sa kaniyang huling pagsubok, nakita ni Pamina ang mga ito
sa kaloob-looban ng templo. Sa wakas, nagsama sina Tamino at Pamina at sabay nilang hinarap ang pagsubok.

### Ang Pagsubok ng Apoy at Tubig

Dahil sa musika ng mahiwagang plawta at lakas ng kanilang pagmamahal, nalampasan nina Tamino at Pamina ang mga panganib ng pagsubok ng apoy at tubig. Nagalak ang mga tagasunod ni Sarastro sa kanilang tagumpay. Pero, hindi pa rin natatagpuan ni Papageno ang kaniyang tunay na pag-ibig, kahit na pinapangarap niya ito. Dahil sa kalungkutan, gusto niyang tapusin ang kaniyang buhay, pero pinigilan siyang muli
ng tatlong genie. Sa wakas, natupad na ang pangarap ni Papageno: Nagpakita si Papagena at sumama sa kaniya.
Pinapangarap nila ang isang buhay na magkasama at maraming anak. Samantala, pumasok nang lihim sa templo ang Reyna ng Gabi, ang tatlong dalaga, at si Monostatos, na balak atakihin si Sarastro at ipakasal si Monostatos kay Pamina. Pero, napigilan ang kanilang pag-atake, at natagpuan nila ang kanilang mga sarili sa walang katapusang kadiliman. Pinuri sina Tamino at Pamina ng mga tagasunod ni Sarastro, na nagbago dahil sa bagong magkasintahan. Umawit sila ng pasasalamat sa mga diyos, ipinagdiriwang na makokoronahan sila ng kagandahan at karunungan magpakailanman.